San Diego Unified School District

EUGENE BRUCKER EDUCATION CENTER
4100 Normal Street, San Diego, CA 92103-2682

William A. Kowba
Interim Superintendent of Schools

Pebrero 7, 2008

Mahal na Magulang/Tagapag-alaga:

Sa pagsimula nating linangin ang pondo para sa paaralang taong 2008-09, nakaharap sa atin ang mapaghamong landas na ating tinatahak. Kailangang tayong lahat ay kasali sa pagpapasiya – magulang, kawani, kasaping lupon at mga mamamayan – upang ating maipagpatuloy ang paggawa ng ikababuti para sa ating mga kabataan at mga paaralan.

Karamihan sa inyo ay inyong natunghayan sa pahayagan ang tungkol sa 'panahong pangangailangan sa pananalapi' na namamayani sa California. Ang iminungkahing badget ni Gobernador Schwarzenegger ay nagbabadya ng daosdos na pagbawas sa mga paglilingkod at programa, kabilang ang daang milyong dolyar sa pagbawas sa edukasiyon *nitong taon*, at ang $4.4 bilyon pagbawas sa *susunod na taon*. Kasama natin ang lahat ng mga paaralang distrito sa buong California sa paghanap ng mga paraang panatilihing nagsasaalang-alang sa maliit na ibubunga nito sa mga silid-aralan at mga mag-aaral.

Kabilang sa mga bagay na magkakaroon ng kaugnayan sa ating 2008-09 badget ay:

- Inaasahang ibubunga ng iminungkahing pagbawas ng Gobernador,
- Pagbawas ng pondo ng *Title I* at sa ibang ibibigay na pondo ng pamahalaan,
- Pagbaba ng ibibigay na mga pondo ng estado para sa mga "tiyak" na mga programa,
- Mga bagong "patakaran" sa pamamahagi ng "tiyak" na pondo,
- Pagtaas ng halaga sa maraming sinasaklaw na pamamalakad sa paaralan,
- Pangangalaga sa sahod ng mga kawani, at
- Pagtaas ng halaga ng benepisyo sa kalusugan at kapakanan. .

Panimulang panukala ay nagbabadya na ating bawasan ang paggugol sa halos $70 milyon. Atin nang nabago sa mga tanggapang sentral na bawasan o pigilan ang paggastos nitong taon. Sa karagdagan, bawa't tanggapan ng sentral ay sinabihan ang pagbawas ng 10-15% para sa lahat. Naghahanap din kami ng mga paraang magbawas sa mga programang may pondo na may maliit na kabuluhan sa pag-aaral.

Ang malaking pagbawas ay maaaring aabot sa labas ng tanggapang sentral. Hinihiling namin sa mga kawani at sa inyo, mga magulang, na magbigay ng inyong mga kurokuro sa pagbawas ng gastusin at pagtaas ng mga gagastusin. Pakikinggan namin ang lahat ng inyong ibibigay na kaisipan. Sa karagdagang kaalaman, bisitahin ang www.sandi.net/budget. Itong websayt ay kabilang ang mga kaalaman kung papaanong ang badget ng paaralang distrito ay nalinang, ang panahong nagugol, at kung saan ninyo maibibigay ang inyong mga mungkahi.

Pinasasalamatan at kailangan namin ang inyong pakikipagtulungan sa mahusay na pangangasiwa ng mga nakalaang pinagkukunan ng tulong sa patuloy na pagtagumpay ng ating mga mag-aaral at mga guro. Patuloy kong ipagbibigay alam sa inyo ang tungkol sa mga pagsisikap natin sa badget habang inaayos ang mga pagbabago buhat sa estado.

Salamat muli sa inyong pagsisikap na tulong sa pagbabago sa buhay ng ating mga kabataan.

Buong katapatan,

William A. Kowba
Gumaganap na Tagapamahala